THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 Coastal Clean-up isinagawa sa Lalawigan

VOLUME I No. 45 Sept. 19, 2022 - Sept. 25, 2022

# Bagong Vaccine Cold Storage Facility inagurahan na!




MAY KAKAYANAN nang makatanggap ng mas maraming bilang ng vaccine ang lalawigan matapos inagurahan noong Sept 23 ang Provincial Health Office Walk In Cold Storage na mapag iimbakan ng mas maraming uri nito na may kwalipikadong lebel ng kinakailangang temperatura kahit sa mataas na uri ng mga bakuna.

Pinangunahan nina Gobernador Humerlito Bonz Dolor kasama ang kanyang may bahay, Bb. Hiyas G. Dolor, katuwang si Bise Gobernador Ejay Falcon at Bokal Aleli Casubuan ang pagpapasinaya sa naturang proyekto kasabay ang ipinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan na Dental Clinic.

Ang naturang proyekto na may mga nakasamang bio-refrigerator at generator set ay naipatayo sa pakikipagtuwang ng Pamahalaang Panlalawigan sa United Nations International Children's Emergency Fund (UNICEF) kung saan nakita ng huli ang pangangailangan ng lalawigan sa naturang proyekto. Samantalang ang Dental Clinic naman na may bagong pasilidad ay bukas sa publiko tuwing Martes at Miyerkules ay nakalaang magkaloob ng serbisyo tulad ng extraction of unsavable tooth, oral prophylaxis, topical fluoride application, at tooth restoration.

Matatagpuan ang mga naturang proyekto sa dating kinatatayuan ng lumang Provincial Hospital.




## Mga bagong gamot at medical supplies ng OMHP, dumating na sa lalawigan!

SA PAGDATING noong Sept. 19 ng mga gamot at supplies na nakapaloob sa Supplemental Budget No. 1 ng Pamahalaang Panlalalawigan, inaasahan natin na malaki ang maiitulong nito sa mga pasyente ng Oriental Mindoro Provincial Hospital (OMPH). Ang mga inventory ng gamot ay regular na inia-update upang ang ating mga medical officers ay mayroong gabay sa kanilang pag reseta o pag order sa wards. Sa ating direktiba, ipaprioridad sa pagbibigay ng reseta ang mga gamot na available sa OMPH Pharmacy.

Kasalukuyan din pong sumasailalim ang ating bagong itinalagang BAC for Health, na inaasahang magpapabilis ng proseso ng procurement ng mga pangangailangan gamot, supplies at equipment ng mga ospital.

Para naman po sa mga bantay na inaabot ng gabi sa OMPH, mayroon tayong designated waiting area o tigilan na mas dinagdagan pa ng pansamantalang higaan at mga upuan.
Patuloy din po ang pagsasagawa ng mga minor repairs ng mga pasilidad.

Ayon sa pamahalaang panlalawigan: "Hindi man po kakayanin ng sabay-sabay ang lahat, nagsusumikap po ang Pamahalaang Panlalawigan at ang pamunuan ng PHO at OMPH upang maihatid kinakailangang serbisyong medical." (PIO Oriental Mindoro)



THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361 EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM

# Vision screening para sa kabataan, isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan

MGA KINDERGARTEN PUPILS ng limang paaralan sa bayan ng San Teodoro ang sumasailalim ngayong araw sa vision screening ng team ng Provincial Health Office (PHO).

Nauna nang na-check ang vision ng 67 pupils sa San Teodoro Central School at 40 pupils ng Calsapa Elem. School. Samantalang kasama rin sa mapaglilingkuran ng katulad na serbisyo ang maraming bilang ng mag-aaral ng Saclag Settlement Farm School, Bigaan E.S at San Rafael E.S.

Magkakatuwang itong itinataguyod ng Pamahalaang Panlalawigan at the Fred Hollows Foundation, Australian Aid, DOH at DepEd.

Ayon kay Dr. Nerelyn Marciano kinatawan ng PHO, target ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng kanilang ahensya na pagsisikapang maabot ang target na 8,750 mag-aaral sa kindergarten ng katulad na serbisyo sa buong lalawigan hanggang buwan ng Nobyembre ng kasalukuyang taon.

Sakali naman aniyang makita sa initial na screening na may suliranin sa paningin ang isang mag-aaral, kaagad itong iri- refer sa opthalmologist at opthometrist na nakatalaga sa OMPH upang ilapat ang kinakailangang solusyon.

Ayon kay G. Edmund L.Salazar, isa sa mga magulang ng mga batang mag-aaral, kaya mahalaga aniyang mabantayan ang mga anak sa paggamit ng mga gadget at dapat ito ay may kaukulang oras dahil pangunahin itong nakakaapekto sa pagkasira ng paningin sa mga bata lalo pa't over exposure sila sa mga naturang kagamitan.

















For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# Coastal Clean-up isinagawa sa Lalawigan




LINIS DITO, LINIS DOON. Yan ang scenario sa baybayin ng dalampasigan sa mga barangay ng Proper Bansud, Tiguisan, Salcedo at Sumagui sa bayan ng Bansud.




Tampok na gawain ito sa pagdiriwang ng International Coastal Clean-up (ICC) na magkatuwang na itinaguyod ng Provincial Government of Oriental Mindoro (PGOM) at Pamahalaang Bayan ng Bansud (LGU Bansud).

Layunin ng gawain na hikayatin ang mga mamamayan sa pangangalaga sa karagatan at kalikasan. Bahagi rin nito ang adhikaing imulat ang bawat indibidwal na makaambag sa sama-samang laban kontra climate change.



Naging kaagapay naman ng PDRRMO at Bansud MDRRMO ang mga Sangguniang Barangay, PNP, BFP at mga kasapi ng Philippine Eagle Club, Bantay-Dagat at mga residente ng apat na mga komunidad.

Matatandaang ipinagdiriwang ang ICC tuwing ikatlong sabado ng Setyembre. Ang buong buwan ng Setyembre sa Pilipinas naman ay idineklarang National Coastal Clean-up Month (PIO Oriental Mindoro).

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 45 Sept. 19, 2022 - Sept. 25, 2022



MSP GAS RETAILING STATION

Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013


# *DTI nagsagawa ng product inspections sa lalawigan*

BAHAGI NG BANTAY PRODUKTO ng Department of Trade and Industry (DTI) Oriental Mindoro, nagsagawa ang Provincial Monitoring and Enforcement Team nito ng masusing inspeksyon ng mga produktong sakop ng kinakailangan sertipikasyon ng Bureau of Philippines Standards (BPS) sa bayan ng Bansud at Bongabong noong ika-14 hanggang ika-15 ng Setyembre.




Layunin nitong matiyak na ang mga produkto sa merkado ay ligtas gamitin at may kalidad.

Dalawa sa 37 establisiyimento ang naisyuhan ng Notice of Violation dahil sa pagbebenta ng 177 na piraso ng LED na bombilya sa bayan ng Bansud at 99 na piraso ng electric fan sa bayan ng Bongabong na walang Philippine Standard (PS) Mark o Import Commodity Clearance (ICC) Sticker na indikasyon na ang nasabing produkto ay hindi pumasa sa pagsusuri ng kaligtasan at kalidad ng BPS.



Nagpapaalala ang DTI sa publiko na hanapin ang PS Mark o ICC Sticker sa bibilhing produktong eletrikal at elektroniko, materyales na pangmekanikal/panggusali at pangkonstruksiyon, kemikal, pangsasakyan, at iba pa. Gayundin, ang paalala sa mga establisiyimentong nagbebenta ng mga nasabing produkto upang maitiyak na safe ang kanilang ibinibenta at bibilhin ng konsyumer (via DTI Oriental Mindoro).

